

Work **Safe!** Bulletin

WHMIS – Workplace Hazardous Materials Information System (*Sistema ng Impormasyon Ukol sa mga Mapanganib na Kagamitan sa Lugar ng Trabaho*)

Blg.: 145
Hunyo 1992

Ang **WORKPLACE HAZARDOUS MATERIALS INFORMATION SYSTEM** (WHMIS) ay isang sistema para sa buong bansa na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga mapanganib na kagamitan na ginagamit sa lugar ng trabaho. Ang MR 52/88 ay ang Regulasyon sa Manitoba na nagpapaliwanag ng tatlong mahalagang elemento ng sistema ng WHMIS.

Ang mga mapanganib na kagamitan na pinamamahalaan sa ilalim ng WHMIS ay tinatawag na mga kontroladong produkto at ang mga ito ay pinagbukud-bukod sa anim na pangunahing kategoriya ng mga kagamitan: *compressed gases* (mga hangin na napapasailalim sa matinding presyon, maglilyab at masusunog, *oxidizing*, nakakalason at nakakahawa, *corrosive* (nakakaagnas), at *dangerously reactive* (malaking panganib na maapektuhan ang ibang bagay). Dapat na mayroong tamang tatak ang mga kontroladong produkto.

1. Mga Tatak

Mayroong mga tatak ng *supplier* (tagapagtustos) ang mga produkto na nanggagaling sa mga *importer*/pagawaan. Dapat may tatak ng lugar ng trabaho ang mga produktong ginawa sa isang lugar ng trabaho o inilipat sa ibang lalagyan (tingnan ang nakasulat sa likod).






2. Mga *Material Safety Data Sheets*




Kinakailangang gawin ang MSDS para sa mga kontroladong produkto na ibinibigay o ginagawa sa lugar ng trabaho. Kailangang may tanging impormasyon ang bawat MSDS sa ilalim ng mga sumusunod na titulo: impormasyon tungkol sa produkto, *reactivity data* (datos tungkol sa kung paano ito maapektuhan ng ibang bagay), impormasyon ukol sa preparasyon, mga katangian na nakakalason, mga sangkap na mapanganib, mga gawain upang maiwasan ang mga aksidente, mga pisikal na datos, mga gawaing pangunahing lunas, at kung ang mga bagay ay maaring masunog o sumabog. Dapat ang mga MSDS ay naroroon sa lugar ng trabaho at maaaring makita ng kahit na sinumang manggagawa na gumagamit o malalantad sa isang kontroladong produkto.

3. Pagtuturo sa mga Manggagawa

Kinakailangang turuan ng pinaglilingkuran ang lahat ng mga manggagawa na gumagamit o nagtrabaho nang malapit sa isang kontroladong produkto. Kasama sa pagtuturo ang: nilalaman, layunin, at kahalagahan ng impormasyon na nasa tatak ng *supplier*, mga tatak ng lugar ng trabaho, at mga MSDS; mga kaparaanan sa ligtas na paggamit, pagtago, paghawak at pagtapon ng mga kontroladong produkto; mga kaparaanang kailangang sundin kung sakaling may emerhensiya na may kinalalaman sa isang kontroladong produkto.

MGA PAGBUKUD-BUKOD SA WHMIS

SAGISAG		PANGANIB
<p>Uri A – <i>Compressed Gases</i> (Mga Hangin na Napapasailalim sa Matinding Presyon)</p>		<p>Compressed Gases (Mga Hangin na Napapasailalim sa Matinding Presyon) – may panganib na sumabog dahil ang mga hangin na ito ay napapasailalim sa matinding presyon</p> <ul style="list-style-type: none"> – maaaring maging sanhi ng pagsabog ng lalagyan kapag nainitan ng apoy o nahampas nang malakas
<p>Uri B – Masusunog at Magliliyab na Kagamitan</p>		<p>Mga Masusunog at Magliliyab na Kagamitan – masusunog na kagamitan (maaaring masunog) o maaaring sumiklab nang kusa sa hangin, o magpakawala ng isang masusunog na hangin kapag nadikit sa hamog</p> <ul style="list-style-type: none"> – maaaring maging sanhi ng sunog kapag nalantad sa init, mga tilansik ng apoy o bilang resulta ng pagkiskis
<p>Uri C – <i>Oxidizing Material</i></p>		<p>Oxidizing Material – maaaring masunog at/o sumabog kapag naharap sa maaaring masunog o magliyab na kagamitan</p> <ul style="list-style-type: none"> – maaaring magkaroon ng matinding epekto o maging sanhi ng pagsabog kapag nadikit sa maaaring lumiyab na mga kagamitan
<p>Uri D-1 – Mga Kagamitan na Nagiging Sanhi ng Madaliang Epekto ng Pagkakalason</p>		<p>Nakakalason at Nakakahawa na mga Kagamitan – mga madalian at malubhang pagkakalason</p> <ul style="list-style-type: none"> – maaaring maging isang bagay na nakakamatay dahil sa lason – maaaring makamatay o maging sanhi ng pirmihang kapinsalaan kapag nasinghot o nalunok, o pumasok sa katawan kapag nadikit sa balat
<p>Uri D-2 – Mga Kagamitan na Nagiging Sanhi ng Ibang mga Epekto ng Pagkakalason</p>		<p>Mga Kagamitan na Nagiging Sanhi ng Ibang mga Epekto ng Pagkakalason – isang bagay na nakakalason na maaaring hindi kaagad mapanganib sa kalusugan</p> <ul style="list-style-type: none"> – maaaring maging sanhi ng kamatayan o pirmihang kapinsalaan bilang resulta ng paulit-ulit na pagkakalantad sa kahabaan ng panahon – maaaring maging isang <i>sensitizer</i> (magbunga ng mga allerdyi sa kemikal) – maaaring maging sanhi ng kanser, mauwi sa pagkakaroon ng mga batang ipinapanganak nang may depekto, o pagkabaog

<p>Uri D-3 – Nakakahawa na <i>Biohazardous</i> na Kagamitan</p>		<p>Nakakahawa na <i>Biohazardous</i> na Kagamitan – maaaring maging sanhi ng malubhang karamdaman na mauwi sa pagkakaroon ng sakit o kamatayan</p>
<p>Uri E – <i>Corrosive Material</i> (Nakakaagnas na Kagamitan)</p>		<p><i>Corrosive Material</i> (Nakakaagnas na Kagamitan) – sanhi ng kapinsalaan sa <i>tissue</i> (himaymay) ng mata at balat kapag nadikit</p> <ul style="list-style-type: none">– sanhi ng matinding kapinsalaan sa <i>tissue</i> kapag nadikit nang may katagalan– maaaring makapinsala kapag nasinghot
<p>Uri F – <i>Dangerously Reactive Material</i> (Malaking Panganib na Maapektuhan ng Ibang Bagay)</p>		<p><i>Dangerously Reactive Material</i> (Malaking Panganib na Maapektuhan ng Ibang Bagay) – labis na hindi matatag</p> <ul style="list-style-type: none">– maaaring maapektuhan ng tubig at sa gayon ay magpakawala ng nakakalason na hangin– maaaring sumabog dahil sa pagkakahampas, pagkiskis o pagtaas ng temperatura– maaaring sumabog kapag ininit sa loob ng isang nakasaradong lalagyan– dumaranas ng matinding <i>polymerization</i> o <i>decomposition</i>